# PAG-ACCESS SA MGA RESOURCE

**4**
ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Tulong!
- Sa Loob o Labas?
- Pag-access sa mga Resource
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

## MGA LAYUNIN

Masusuri ng mga estudyante ang pangangailangan ng tulong sa pagkamit ng kanilang mga hangarin.

Matukoy ng mga estudyante ang mga resource sa kanilang komunidad at mga paraan upang ma-access ang mga available na resource.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- 15 papel na plato (Bahagi I)
- Access sa Internet (Bahagi III)

# Panimula

3 Minuto

Sabihin sa mga estudyante:

> Isipin na sa wakas ay humiling ka sa nagugustuhan mo para sa isang date, at umoo siya. Biyernes ang araw ng date, at hindi ka na makapaghintay. Mayroon kang mga tiket sa pinakamagandang konsyerto ng taon, at kabibili mo lang ng magandang bagong kamiseta. Sa araw ng Biyernes, maghahanda ka, ngunit habang tinatali mo ang paborito mong pares ng sapatos, naputol ang sintas ng sapatos. Kaya't tumawag ka sa ka-date mo at sinabing, "Pasensiya na, ngunit nagkaroon ako ng problema. Nasira ang sintas ng sapatos ko. Wala akong ekstra, kaya kailangan nating magkansela ngayong gabi."

Itanong sa mga estudyante kung ito ay makatuwiran.

Kapag sinabi ng mga estudyante na hindi, gabayan silang maunawaan na hindi dapat sumusuko sa anumang hangarin o plano dahil lang sa napaharap sila sa hadlang. Ipaliwanag na kapag inaabot nila ang kanilang mga hangarin, maraming mga resource na maaari nilang ma-access upang matulungan silang magtagumpay.

# Bahagi I: Tulong!

10 Minuto

Layunin: Matuto ang mga estudyante na maaaring kailanganin nila ang tulong sa pagkamit ng kanilang mga hangarin.

**1. Makikilahok ang mga estudyante sa aktibidad.**

Bago ang klase, ayusin ang mga mesa upang magkaroon ng maluwag na espasyo sa gitna ng silid-aralan. Maglagay ng 15 papel na plato sa isang tuwid na linya sa sahig, na nag-iiwan ng halos isang talampakan ng espasyo sa pagitan ng bawat plato.

Hatiin ang klase sa dalawang grupo—grupo A at grupo B. Papilahin ang bawat grupo sa magkabilang dulo ng linya ng mga papel na plato. Ipaliwanag sa mga estudyante na ang hangarin ay lumipat ang mga grupo ng posisyon sa pamamagitan ng pagtapak lamang sa mga papel na plato. Ang mga estudyanteng hindi makatapak sa mga plato ay dapat bumalik sa likod ng kanilang linya at muling magsimula.

Pahintulutan ang grupo A na lumipat sa mga papel na plato. Sabihin sa pangalawang estudyante sa grupo A na magsimulang lumipat sa linya kapag ang unang estudyante ay tumuntong sa ikalimang plato. Sabihin sa pangatlong estudyante sa grupo A na magsimulang lumipat sa linya kapag ang pangalawang estudyante ay tumuntong sa ikalimang plato, at ipagpatuloy. Kapag nakalipat na ang grupo A sa kabilang panig, ipaulit sa team B ang parehong proseso.

Itanong sa mga estudyante kung madali o mahirap bang makamit ang hangarin. Hilingin sa mga estudyante na ipaliwanag ang kanilang mga sagot. (Maaaring itugon ng mga estudyante: walang makakapigil sa bawat tao, ito ay simpleng gawain.)

**2. Maulit ng mga estudyante ang aktibidad.**

Sabihin sa mga estudyante na uulitin nila ang aktibidad. Sabihin sa kanila na ang mga patakaran at hangarin ay magkapareho, ngunit nagdagdag ka ng hadlang. Ipaliwanag na sa pagkakataong ito ang unang mag-aaral sa bawat pangkat ay magsisimula sa parehong oras. Habang sinusubukan ng mga grupo na lumipat ng posisyon, paalalahanan ang mga estudyante na hindi sila nakikipagkumpitensya sa kabilang team at ang mga estudyante na naghihintay sa pila ay maaaring gumawa ng mga mungkahi.

**3. Tatalakayin ng mga estudyante ang aktibidad.**

Hilingin sa mga estudyante na ipaliwanag kung mas madali o mas mahirap bang makamit ang hangarin sa ikalawang pagkakataon. Hilingin sa kanila na sabihin kung paano nila nalutas ang problema o sa tingin nila ay maaari nilang lutasin ito kung bibigyan ng isa pang pagkakataon.

(Maaaring itugon ng mga estudyante: isang tao ang maaaring yumuko habang ang isa naman ay tatawid sa kaniya; maaari ring mag-slide ang mga estudyante sa mga plato habang sinusuportahan ang balanse ng isa’t isa hanggang sila’y makapagpalitan ng puwesto.)

Tanungin ang mga estudyante kung ang mga grupo ay maaaring lumipat ng posisyon nang hindi nakikipag-usap sa isa't isa. Hilingin sa mga estudyante na magmungkahi kung paano maaaring nauugnay ang aktibidad na ito sa konsepto ng pagkamit ng layunin. Kunin sa mga estudyante ang ideya na kung minsan, maaaring tila ang ibang tao ay kumukontra sa kanila kapag sinusubukan nilang abutin ang isang hangarin. Sabihin sa mga estudyante na, lalo na sa mga oras na iyon, dapat silang humingi ng tulong at makipagtulungan sa iba upang tumuklas ng mga paraan para matiyak na makamit ang kanilang mga hangarin.

# Bahagi II: Sa Loob o Labas? 15 Minuto

Layunin: Susuriin ng mga estudyante ang pangangailangan ng tulong sa pagkamit ng kanilang mga hangarin.

**1. Makilala ng mga estudyante ang pangangailangan ng panlabas na tulong.**

Sabihin sa klase, “Kung pipiliin ko ang isa sa inyo at bibigyan ko kayo ng isang minuto para muling ayusin ang lahat ng muwebles sa opisina ng punong guro, paano ninyo ito gagawin?”

Talakayin ang sitwasyon sa mga estudyante. Paalalahanan sila na gamitin ang mga hakbang sa proseso ng pagdedesisyon: mangalap ng impormasyon, timbangin ang mga opsyon, pumili, at kumilos.

Itanong, “Anong impormasyon ang kailangan mong makalap upang malutas ang problema ng muling pagsasaayos ng lahat ng muwebles sa opisina ng punong guro?” (Maaaring itugon ng mga estudyante: kung anong mga muwebles ang kailangang ilipat, gaano kabigat ang bawat isa, at kung saan matatagpuan ang mga saksakan ng kuryente.)

**2. Makilala ng mga estudyante ang pangangailangan ng tulong sa mga panlabas na resource.**

Sabihin sa mga estudyante, “Habang nangangalap ka ng impormasyon tungkol sa problema, dinadala ka ba nito sa konklusyon na kakailanganin mo ng mga panlabas na resource para makumpleto ang gawain sa isang minutong yugto ng panahon?”

Sabihin sa mga estudyante na magmungkahi ng ilan sa mga resource na magagamit nila upang makatulong na maayos muli ang mga muwebles. Hikayatin silang maging mapanlikha hangga't maaari. (Maaaring itugon ng mga estudyante: mga kaklase, tagalinis, kagamitan.) Ipaliwanag sa mga estudyante na ang paghingi ng tulong sa halip na sumuko ay magpapakita ng pagiging positibo sa kanila dahil ito ay nagpapatunay na matiyaga sila. Ipinapakita nito na mahalaga ang kanilang mga hangarin. Pinatutunayan din nito na alam nila ang kanilang sariling mga limitasyon ngunit hindi sila papayag na pigilan sila ng mga limitasyong iyon.

# Bahagi III: Pag-access sa mga Resource

20 Minuto

Layunin: Makilala ng mga estudyante kung paano i-access ang mga resource sa kanilang komunidad.

**1. Makilala ng mga esudyante na makakahanap sila ng mga resource na makakatulong sa kanila para makamit ang kanilang mga hangarin.**

Sabihin sa mga estudyante na pag-uusapan nila ang mga hypothetical na sitwasyon kung saan ang isang kaibigan ay may personal na pinagdadaanan. Hayaang mag-isip ang mga estudyante ng ilang kathang-isip na mga problema (hal., ang kaibigan ay may problema sa pag-abuso sa sangkap, mga problema sa pamilya, kailangan ng tutor, atbp.). Isulat ang mga problema sa pisara.

Itanong, “Ano ang maaari mong gawin para matulungan ang kaibigan mo?” Sabihin sa mga estudyante na mag-isip ng mga lugar na pupuntahan nila para humanap ng tulong para sa iba't ibang problemang natukoy nila. (Maaaring itugon ng mga estudyante: tagapayo sa paaralan, guro, magulang, drug hotline, youth center.)

**2. Makilala ng mga estudyante na maraming resource na magagamit upang tulungan sila.**

Hatiin ang mga estudyante at tagubilinan silang maghanap ng pinakamaraming resource online hangga't maaari na maaaring makatulong sa kanilang kaibigan sa mga sitwasyong pinagtalakayan nila.

Kapag natapos na ang mga estudyante, hayaan ang bawat grupo na ibahagi ang mga natuklasan nila. Isulat ang mga tugon sa pisara. Talakayin kung paano magagamit ng mga etudyante ang internet upang mahanap ang mga resource para sa sarili nila.

# Konklusyon

2 Minuto

Sabihin sa mga estudyante na ilista ang hangarin na mayroon sila at kaugnay na resource mula sa aralin ngayon na maaaring makatulong sa kanila na makamit ang hangaring iyon. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Magkakaroon ng mga pagkakataon sa pag-abot ng mga hangarin kung kailan kakailanganin mong humingi ng tulong.
- Kapag napaharap ka sa mga hadlang, i-access ang mga resouce sa halip na sukuan ang mga hangarin.
- Maraming resource ang komunidad mo upang matulungan kang makamit ang hangarin mo.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Ilarawan ang sitwasyon kung saan kailangan mo ng tulong ng ibang tao. Paano mo natanggap ang tulong na iyon?
2. Maglista ng tatlong sitwasyon kung saan makatutulong ang mga panlabas na resource.
3. Ilarawan ang isa sa iyong mga hangarin. Maglista ng tatlong resource na maaari mong gamitin upang makatulong sa iyo para makamit ang hangaring ito.

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Kung gusto mong magtagumpay, humingi ng payo sa tatlong matatandang tao.”

Isulat sa pisara ang mga salitang “guro,” “doktor,” “psychologist,” “social worker,” “librarian,” “kamag-anak na nasa hustong gulang,” “kapatid,” “dentista,” at “clergy.” Tagubilinan ang mga estudyante na pagtalakayan ang mga problema kung saan makakatulong nag mga taong ito sa kanila.

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Ipaaalala sa mga estudyante na ang aklatan ay may higit pa sa mga libro lamang. Hilingin sa librarian na ipakita ang mga resource na inaalok ng aklatan, mula sa mga computer hanggang sa mga sangguniang materyales. Ang mga librarian mismo ay mahuhusay ring resource. Ipatalakay sa mga estudyante kung paano nila magagamit ang aklatan bilang resource kapag sinusubukang makamit ang hangarin.

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Tagubilinan ang mga estudyante na balikan ang kanilang mga listahan mula sa nakaraang pagpapalawig ng pagsulat ng journal. Itanong, “Nagawa mo na ba ang lahat na nasa iyong listahan? Ano ang pakiramdam mo tungkol dito?” Hilingin sa kanila na gumawa ng isa pang listahan para bukas.

# PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Ipakilala sa mga estudyante ang www.refdesk.com, na nag-uugnay sa mga gumagamit sa mahigit 1,000 iba't ibang website. Imbitahan ang mga estudyante na i-access ang pahayagan sa pamamagitan ng site.

Tagubilinan ang mga estudyante na hanapin sa internet ang mga resource na makakatulong sa kanila na makamit ang kanilang mga hangarin. Ipabahagi sa klase ang kanilang mga natuklasan.

# TAKDANG-ARALIN

Tanungin ang mga estudyante kung ano ang kanilang gagawin kung masakit ang kanilang ngipin, kailangang maghanap ng dentista, at kailangang pumunta sa klinika ng dentista nang mag-isa pagkatapos ng klase.

Tagubilinan ang mga estudyante na isulat ang lahat ng mga hakbang na kailangan upang matagumpay na makumpleto ang takdang-aralin na ito, kabilang ang mga paraan upang makahanap ng dentista, makapunta sa klinika, magbayad sa dentista, at makauwi. Dapat din nilang ilista kung sino ang tutulong sa kanila sa bawat hakbang.

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Tagubilinan ang mga estudyante na bisitahin ang Khan Academy sa www.khanacademy.org. Ang Khan Academy ay isang website na naglalaman ng maraming uri ng mga libreng klase sa maraming klase ng kategorya.

Tagubilinan ang mga estudyante na bisitahin ang Khan Academy para sa karagdagang impormasyon. Hilingin sa kanila na tukuyin kung paano makakatulong ang site na ito, at iba pang mga site na katulad nito, na makamit ang kanilang mga hangaring akademiko.